REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BLG. 93-64

KAPASIYAHAN NA NAGPAPALAWIG NG PANGKALAKALAN AT PAMPULITIKONG PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BAYAN NG LOBO, BATANGAS SA PAMAMAGITAN NG PAGTATATAG NG KASUNDUANG KAPATIRAN (SISTERHOOD AGREEMENT) SA PAGITAN NG NASABING BAYAN AT NG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

*****************************************************************

Ipinanukala nina: KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. MELCHOR R. TEVES

*****************************************************************

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 33 ng bagong Local Government Code, ang pamahalaang lokal, sa pamamagitan ng karampatang hakbang ng Sangguniang Bayan, ay may kapangyarihang magtipon upang pagsamahin o pagtugmain ang kanilang pagsisikap, serbisyo at pamamaraan para sa layuning kapwa makabubuti sa kanila;

SAPAGKAT, upang ang bawat isa ay makinabang o maibahagi ang kaalaman, katangian at kasanayan na angkin ng magkaibang pamahalaang lokal, nararapat na itatag ang pakikipag-ugnayan o talastasang magkapatid sa pagitan ng dalawang lokal na pamahalaan;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng kasunduang pagkakapatiran, ang dalawang bayan ay magkakaroon ng higit at tunay na pagkakaibigan at magkakaroon ng damdaming-kapitbahayan na magsisilbing haligi ng pagtutulungan at pagkalinga sa pangangailangan ng dalawang dakilang bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa mungkahi ng Kgg. Ernesto A. Carubio na pagtibayin ang panukala at pinangalawahan ni Kgg. Melchor R. Teves ay napagpasiyahan na mapalawig ang pangkalakalan at pampulitikong pakikipag-ugnayan sa Bayan ng Lobo, Batangas sa pamamagitan ng pagtatatag ng kasunduang kapatiran (sisterhood agreement) sa pagitan ng nasabing bayan at ng bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGPASIYAHAN PA RIN na ang Kagalang-galang na Punongbayan, Ignacio R. Bunye ang opisyal na kinatawan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at binibigyan ng karapatan na magsakatuparan ng mga proyekto't programa na magiging kapaki-pakinabang at maaaring makatulong sa bayang mayroong ugnayang kapatiran ang Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-40th regular na pulong na ginanap noong ika-17 ng Mayo, 1993 na ginanap sa People's Center, Muntinlupa Kalakhang Maynila

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATOTOHANAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG.REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo,Samahan ng mga
Sangguniang Barangay

KGG.MIGUEL LUIS F.RIOSJR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan